Tulong sa Pagpapalibing sa Coronavirus (COVID-19)

Ang pandemya ng COVID-19 ay nagdulot ng matinding kalungkutan sa maraming pamilya. Sa FEMA, ang aming misyon ay ang tumulong sa mga tao bago pa man, habang at pagkatapos ng mga sakuna. Kami ay nakatuon sa pagtulong upang mapagaan ang ilang pagkabahala at pabigat na pinansyal dulot ng sakit sa virus.

Ang FEMA ay nagbibigay ng tulong pinansyal para sa mga gastos sa pagpapalibing kaugnay ng COVID-19 na natamo pagkatapos ng Enero 20, 2020.



Upang maging karapatdapat sa tulong sa pagpapalibing, kailangan mong matugunan ang mga sumusunod na kondisyon:

- Ang pagkamatay ay kailangang nangyari sa Estados Unidos.
- Ang aplikante ay kailangang isang mamamayan ng U.S., hindi-mamamayang nasyonal o kuwalipikadong banyaga na nagkaroon ng mga gastos sa pagpapalibing pagkatapos ng Enero 20, 2020.
- Walang pangangailangan na ang namatay na tao ay naging isang mamamayan ng U.S., hindi-mamamayang nasyonal o kuwalipikadong banyaga.
- Ang sertipiko ng pagkamatay ng yumao ay kailangang ipahiwatig na ang pagkamatay ay naiugnay o dulot ng COVID-19. Kung ang pagkamatay ay nangyari sa pagitan ng Enero 20 at Mayo 16, 2020, at ang sertipiko ng pagkamatay ay hindi naiuugnay ang pagkamatay sa COVID-19, isama ang isang nilagdaang pahayag mula sa opisyal na nagpapatunay ng sertipiko ng kamatayan, lokal na koroner o tagasuring medikal na nag-uugnay ng dahilan ng pagkamatay sa COVID-19.

Aling mga gastos ang magiging kuwalipikado para sa pagbabayad?

Ang mga halimbawa ng mga karapatdapat na mga gastos ay maaaring kasama na, ngunit hindi lamang limitado sa:

- Transportasyon upang kilalanin ang yumaong indibiduwal
- Ang paglilipat ng labi
- Isang burol o nitso ng pagsunog sa bangkay
- Isang pananda o lapida
- Ang pari o ang tagapamahala ng serbisyo
- Ang paggamit sa kasangkapan ng puneraria o ang mga tauhan nito
- Ang halaga ng pagsusunog sa bangkay o ang pagpapalibing.

Anong impormasyon ang kailangan kong ibigay sa FEMA?

Mangyaring magkaroon ng sumusunod na impormasyon bago makaipag-ugnay sa FEMA upang mag-aplay:

- Ang iyong Pangalan, numero ng social security, araw ng kapanganakan, tirahan at mga numero ng telepono sa pakikipag-ugnay.
- Ang Pangalan, numero ng social security at araw ng kapanganakan para sa bawat namatay na indibiduwal.
- Ang lokasyon ng tirahan kung saan namatay ang yumaong indibiduwal.
- Dokumentasyon at mga resibo para sa tulong na natanggap na mula sa ibang mga pinagkunan, kasama na ang seguro sa libing o pagpapalibing, mga donasyon, mga boluntaryong ahensiya, ibang mga programa ng pamahalaan o mga organisasyon.
- Ang pangalan at impormasyon ng alinmang mga kasamang-aplikante kung mayroon pang iba malibán sa iyo na nagkaroon ng mga gastos sa pagpapalibing para sa (mga) namatay na indibiduwal.

PAANO AKO MAKAKAPAG-APLAY PARA SA TULONG NA ITO?

Tumawag sa Linya sa Tulong sa Pagpapalibing sa COVID-19 ng FEMA (FEMA's COVID-19 Funeral Assistance Helpline) sa
1-844-684-6333
(TTY: 800-462-7585)
mula 9 n.u. hanggang 9 n.g. ET, Lunes - Biyernes at simulan ang proseso ng aplikasyon.

Pagkatapos ng iyong aplikasyon, maaari ka ng magsimula ng pagbibigay ng dokumentasyon sa online sa Disasterassistance.gov**, sa pag-fax 855-261-3452.**
Ang mga dokumento ay maaari ring ipadala sa koreo sa:
COVID-19 Funeral Assistance
P.O. Box 10001
Hyattsville, MD 20782

Maaari ka ring bumisita sa amin sa online sa FEMA.gov/disasters/coronavirus/economic/funeral-assistance.
Ang impormasyon ay ibinibigay sa maraming mga wika pareho sa telepono at sa website.

FEMA